



# PATNUBAY SA MISA



24 Disyembre 2015

SIMBANG GABI – Ikasiyam na Araw

Taong K

## Malapit na ang Pagbubukang-Liwayway

**N**gayo'y ikasiyam na araw na ng ating Simbang Gabi! Malapit na ang pagbubukang-liwayway ng araw ng kaligtasan. Marami sa atin ang nagsikap sa singkad na siyam na araw, samantalang may ilang muling kasama natin ngayon pagkatapos ng kaunting pagpapabayang makadalo. Malugod na tinatangap ng Panginoon ang lahat at umaasa Siyang magiging lalong masidhi ang ating paghahanda sa pagsalubong at pagtanggap kay Hesus sa ating mga puso at sa ating mga mag-anak.

Ituon natin ngayon ang ating malasakit at pagmamahal sa lalong malawak na saklaw ng sangkatauhan, lalo na sa mga nananatili pa rin sa karimlan ng pagdurusang dahil sa mga digmaan, kalamidad, pagkakasakit, o pagkakalayo sa kani-kanilang mahal sa buhay. Kasama ng ating sariling personal na kahilingan, idulog natin sa Panginoon ang mga pangangailangan at mithiin ng lahat ng taong may mabuting kalooban. Sumapit nawa sa buong sangkatauhan ang Kanyang liwanag at kapayapaan!



### PASIMULA



#### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Takdang panaho'y dumating ng pagsusugo sa atin ng Diyos Amang butihin ng Anak n'yang masunurin upang tayo ay tubusin.**

#### Pagbati

**P**– Ang biyaya, kapayapaan, at liwanag buhat sa Ama nating Diyos, Panginoong Hesukristo, at Espiritu Santo ay sumainyong lahat.

**B**– At sumaiyo rin!

#### Pagsisisi

**P**– Ngayong huling araw ng ating nobena, pinasalamatan natin ang Panginoon sa maraming biyayang kaloob Niya sa atin, at minsan pa nating hinihiling ang Kanyang awa at pagpapatawad. *(Manahimik sandali.)*

**P**– Panginoong Hesus, ikaw ang katuparan ng pangako ng Ama

at ng inaasahan ng sangkatauhan. Panginoon, kaawaan mo kami!

**B** – Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**– Panginoong Hesus, naparito ka upang maghatid ng kapayapaan at katarungan ng Kaharian ng Diyos. Kristo, kaawaan mo kami!

**B** – Kristo, kaawaan mo kami!

**P**– Panginoong Hesus, naparito ka upang ipagkasundo kami sa Ama at sa isa't isa. Panginoon, kaawaan mo kami!

**B** – Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**– Kaawaan tayo ng Makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B** – Amen!

#### Papuri

**B**– Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarantal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakila mong

angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

#### Panalangin Pambungad

**P**– Panginoong Hesus, dumating ka nawa at huwag nang magluwat. Sa mga nagtitiwala sa iyong pag-ibig na matapat, makapagbigay-galak nawa ang iyong pagparito kasama ng Ama at ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B** – Amen!

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa 2 Sam 7:1-5.8-12.14.16

Walang sinumang makada-daig sa pagiging bukas-palad ng Diyos. Pinangakuan ng Diyos ng isang pangmatagalang dinastiya si David, na may nais magtayo ng isang templo sa karangalan ng Panginoon. Ang Mesiyas/Tagapagligtas, na malapit na nating gunitain sa kanyang pagsilang, ay ang ganap na katuparan ng gayong pangako.

**L**—Pagpapahayag mula sa Ikalawang Aklat ni Samuel

Si David ay panatag nang nakatira sa kanyang bahay. Sa tulong ng Panginoon, hindi na siya ginambala ng kanyang mga kaaway. Tinawag niya si Natan at sinabi, “Nakikita mong nakatira ako sa tahananang sedro, ngunit ang Kaban ng Tipan ay sa tolda lamang.” Sumagot si Natan, “Isagawa mo ang iyong iniisip, sapagkat ang Panginoon ay sumasaiyo.”

Ngunit nang gabing iyo’y sinabi ng Panginoon kay Natan, “Ganito ang sabihin mo kay David: ‘Ipagtayo mo ba ako ng tahanan? Inalis kita sa pagpapastol ng tupa upang gawing pinuno ng bayang Israel. Kasama mo ako saanmang dako at lahat mong mga kaaway ay aking nilipol. Gagawin kong dakila ang iyong pangalan tulad ng mga dakilang tao sa daigdig. Bibigyan ko ang Israel ng kanyang lupa at doon ko patitirahin. Wala nang gagambala sa kanila roon: wala nang aalipin sa kanila tulad noong una, buhat nang maglagay ako ng hukom nila. Magiging payapa ka sapagkat wala nang gagambala sa iyo. Bukod dito, akong Panginoon ay nagsasabi sa iyo: Patatagin ko ang iyong sambahayan. Pagkamatay mo, isa sa iyong mga anak ang ipapalit ko sa iyo. Patatagin ko ang kanyang kaharian.

Kikilanin ko siyang anak at ako nama’y magiging ama niya. Magiging matatag ang iyong sambahayan, ang iyong kaharia’y hindi mawawaglit sa aking paningin at mananatili ang iyong trono.’”

Ang Salita ng Diyos!

**B**—Salamat sa Diyos!

**Salmong Tugunan** Awit 88

**B**—Pag-ibig mong walang maliw ay lagi kong sasambitin!

R. M. Velez



\* Pag-ibig mo, Poon, na di nagmamaliw ang sa tuwi-tuwina’y aking aawitin; ang katapatan mo’y laging sasambitin, yaong pag-ibig mo’y walang katapusan, sintatag ng langit ang ‘yong katapatan. **B.**

\* Sabi mo, Poon, ikaw ay may tipan na iyong ginawa kay David mong hirang at ito ang iyong pangakong iniwan: “Isa sa lahi mo’y laging maghahari, ang kaharian mo ay mamamalagi.” **B.**

\* Gagawin ko siyang anak na panganay, mataas na hari nitong daigdigang! Laging maghahari ang isa n’yang angkan, sintatag ng langit yaong kaharian. **B.**

**Aleluya**

**B**—Aleluya! Aleluya!

Sinag ng buwang-liwayway at araw ng kaligtasan, halina’t kami’y tanglawan.  
Aleluya! Aleluya!

**Mabuting Balita** Lu 1:67-79

Ang pagsilang kay Juan Bautista ang huling hakbang na nagpahayag ng tiyak na pagdating ng Mesiyas. Tayong lahat ay inaanyayahang makiisa sa kaligayahan nina Zacarias at Elisabet at ipahayag ang katapatan ng Diyos.

**P**—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

**B**—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, napuspos ng Espiritu Santo si Zacarias na ama ni Juan at nagpahayag ng ganito: “Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel! Sapagkat nilingap niya at pinalaya ang kanyang bayan, at nagpadala siya sa atin ng isang makapangyarihang Tagapagligtas, mula sa lipi ni David na kanyang lingkod. Ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang mga banal na propeta noong una, na illigtas niya tayo sa ating mga kaaway, at sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin. Ipinangako rin niya na kahahabagan ang ating mga magulang at aalalahanin ang

kanyang mga banal na tipan. Iyan ang sumpang binitawan niya sa ating amang si Abraham, na illigtas tayo sa ating mga kaaway, upang walang takot na makasamba sa kanya, at maging banal at matuwid sa kanyang paningin, habang tayo’y nabubuhay. Ikaw naman, anak, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan; sapagkat mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang kanyang mga daraanan, at ituro sa kanyang bayan ang landas ng kaligtasan, ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan. Sapagkat lubhang mahabagin ang ating Diyos; magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa lilim ng kamatayan, at patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

**B**—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

**Homiliya**

**Panalangin ng Bayan**

**P**—Habang malapit na nating ipagdiwang ang kaarawan ng Panginoon, buksan natin ang ating mga puso sa pasasalamat sa ganitong dakilang biyaya at sama-sama tayong manalangin:

**B**—Halina, Panginoong Hesus!

\* Halina, Panginoon, at puspusin mo ng iyong pagpapala ang buong Simbahan, ang Santo Papa, at lahat ng mga relihiyosong pinuno namin. Manalangin tayo! **B.**

\* Halina, Panginoon, at gabayan mo ang mga pinuno namin sa pulitika at kultura upang maakay nila ang aming bayan tungo sa tapat na pakikipagtulungan at pagkakaisa. Manalangin tayo! **B.**

\* Halina, Panginoon, at ipagkaloob mo ang iyong kapayapaan sa mga bansang may digmaan, sa mga klase at pangkat na pinagwatak-watak ng kanilang mga hidwaan, sa mga mag-anak na nagkakalayo dahil sa selos, inggit, at kawalan ng katapatan. Manalangin tayo! **B.**

\* Halina, Panginoon, sa aming bayan at paginhawahin mo ang lahat ng naghihirap, napapabaya, hinahamak, o kinukutya. Manalangin tayo! **B.**

\* Halina, Panginoon, sa aming pamayanan sa parokya at tulungan

mo kaming mabuhay sa nalalapit na Pasko nang may kaloobang tulad ng kina Mariang Kabanalan at San Jose. Manalangin tayo! **B.**

\* Halina, Panginoon, sa aming mga mag-anak at sa bawat isa sa amin, at ipagkaloob mo ang iyong pagpapatawad, kagalakan, at kapayapaan. Manalangin tayo! **B.**

\* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)  
Manalangin tayo! **B.**

**P**–Halina, Panginoong Hesus, kailangan ka namin. Ikaw ang tangi naming pag-asa. Ikaw ang tangi naming Tagapagligtas. Ikaw ang aming lahat. Ikaw na nabubuhay at naghahari nang walang hanggan. **B**– Amen!



**P**– Manalangin kayo . . .  
**B**– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

### Panalangin ukol sa mga Alay

**P**– Ama naming Lumikha, ang mga alay namin ay iyong tanggapin upang ang paghahain sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan ay mapakinabangan namin. Pagindapatin nawa nito na aming panabikan ang pagdating ng iyong Anak nang may dalisay na kaloo-ban sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.  
**B**– Amen!

### Prepasyo ng Adbiyento II

**P**– Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesuskristo na aming Panginoon.

Ang pagsusugo mo sa kanya ay ipinahayag ng lahat ng mga propeta. Ang pagsilang niya’y pinanabikan ng Mahal na Birheng kanyang Inang tunay sa kapangyarihan ng Espiritung Banal. Ang pagdating niya’y inilahad ni San Juan Bautista sa kanyang pagbibinyag. Ngayong pinaghahandaan

namin ang maligayang araw ng kanyang pagsilang, kami’y nananabik at nananalanging lubos na makaharap sa kanyang kadakilaan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B**– Santo, santo, santo . . .

### Pagbubunyi

**B**–Si Kristo’y namatay, si Kristo’y nabuhay, si Kristo’y babalik sa wakas ng panahon.



**B**– Ama namin . . .

**P**– Hinihiling namin . . .

**B**– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

### Paanyaya sa Kapayapaan

#### Paghahati-hati sa Tinapay

**B**–Kordero ng Diyos . . .

#### Paanyaya sa Pakikinaabang

**P**– Ito ang Panginoong Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

**B**– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

#### Antipona ng Pakikinaabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Purihin natin ang Diyos na humirang at kumupkop sa lipi’t supling ni Jacob. Dinalaw n’ya at tinubos ang mga hirang n’yang sakop.

### Panalangin Pagkapakinabang

**P**– Ama naming mapagmahal, ngayong aming pinagsaluhan ang iyong piging na banal, aminawang pakinabangan ang walang kupas na bigay ng walang maliw na pagsilang ng Anak mong aming ipinagdiriwang sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**– Amen!



**P** –Sumainyo ang Panginoon.

**B** –At sumaiyo rin!

**P**–Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik sandali.*)

Siyam na araw ninyong pinaghahandaan ang paggunita sa kapanganakan ng Panginoon. Nawa’y gantimpalaan Niya ang inyong mga pagsisikap at puspusin kayo ng Kanyang biyaya.

**B**–Amen!

**P**–Pawiin Niya nawa sa inyong mga puso ang lahat ng pangamba at pag-aalala.

**B**–Amen!

**P**–Tibayan Niya nawa ang inyong pananampalataya at pag-asa.  
**B**–Amen!

**P**–Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

**B**–Amen!

**P**–Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalina at paglingkuran ang Panginoon.

**B**–Salamat sa Diyos!

**Nais ba ninyong malaman ang mensahe ng Diyos sa inyo ngayon?**

Basahin ang “**ANG SALITA NG DIYOS**” ni **Fr. John Larrea, SDB** at nammamin ang kayamanan ng Banal na Kasulatan. (*May kasamang masaklaw na katesismo at siping liturhiko para sa bawat Linggo at Kapistahan.*) May bersiyon din nito sa Ingles.

**Mabibili na ngayon sa Word & Life Center.**

Simbang Gabi – Ikasiyam na Araw



# Si Zacarias, ang Makatang Umaawit ng Katapatan ng Diyos

**N**abuhay si Zacarias na di pinalad na magkaroon ng malaking mag-anak tulad ng karamihan sa mga Judio. Habang tumatanda na siya, nakita niyang sila ng kanyang kabiyak na si Elisabet ay waring talagang hindi na nga magkakaanak – bagay na lubhang nakapagpalungkot sa kanya.

**Di lamang nalalaman ni Zacarias na ang lahat ay bahagi ng matalino't higit na masaklaw na plano.**

Ang dakilang paghahayag sa kanya sa Templo ay hindi nakapagbabago ng kanyang kalooban. Manapa, nagpalala pa nga iyon, lalo na nang matuklasan niyang di siya makapagsalitang tulad ng normal na tao.

Subalit malaking buti ang naidulot ng pagdalaw at tatlong buwang pamamalagi sa kanila ni Mariang buhat sa Nazaret. Bagamat di pa rin siya makapagsalita, si Zacarias naman ay nakadama ng pagbabago sa mga narinig niya kay Maria, lalo na ang tungkol sa pag-iingat niya sa Mesiyas sa kanyang sinapupunan.

Unti-unti nang luminaw kay Zacarias ang mga bagay-bagay. At nang sa wakas ay **makarga niya ang kanyang bagong silang na anak na pina-ngalanan niyang Juan**, gayon na lamang ang kanyang tuwa, at sa laki ng kanyang kagalakan, nalampasan niya ang kanyang “katahimikan.”

**Nagmistula siyang bagong tao sa isip at kalooban.** Napabulalas siya sa pag-awit ng papuri sa Panginoon. Sa harap ng katuparan ng dalawa sa mga pangakong ipinahayag ng anghel sa templo – ang paglililihi at pagsisilang ng kanyang matanda nang asawa at ang panunumbalik ng kanyang kakayahang

magsalita – buo na’t matibay ang kanyang pag-asang matutupad din ang ibang mga pangako ng Diyos na ipinahayag ng mga propeta sa kung ilan nang siglo.

**Personal na nasaksihan at napatunayan ni Zacarias na walang imposible sa Diyos.** Ngayo’y nakatitiyak na si Zacarias na magkakatotoong lahat ang mga pangakong tungkol sa Mesiyas kung kaya inawit niya ang kanyang papuri na wari bang naganap nang lahat: **“Purihin ang Diyos ng Israel sapagkat nilingap Niya at pinalaya na ang Kanyang bayan, at nagpadala Siya sa atin ng isang makapangyarihang Tagapagligtas mula sa lipi ni David na Kanyang lingkod.”** (Sangguniin ang *Ebanghelyo para sa araw na ito.*)

Malinaw na hindi ang kanyang bagong silang na anak ang tinutukoy rito ni Zacarias, kundi ang ipaghahanda ng kanyang anak ng matuwid na daan – ang Mesiyas. Siya at tanging siya lamang ang magpapalaya sa bayan ng Diyos. Siya ang Taga-pagligtas ng sangkatauhan at siyang tutupad sa pangako ng Diyos kay Abraham. **“Magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa ilalim ng kamatayan” at siyang papatnubay sa atin “sa daan ng kapayapaan.”**

Sa bisperas ng paggunita sa pagtupad sa ganitong mga pangako, dapat tayong matuto kay Zacarias na **manalig sa Diyos na siyang may hawak ng kapalaran ng lahat ng tao at hindi bumibigo sa lahat ng nananalig sa Kanya.**

Jess P. Balon

## Munting Kaalaman sa Adbiyento/Pasko

### ANG BELEN

Nagkakaisa ang mga manunulat ng kasaysayan sa pagtukoy kay **San Francisco ng Assisi** bilang pasimuno sa makatotohanang paglalarawan sa kaganapan ng Pasko.

Kagagaling pa lamang niya sa pagdalaw sa Betlehem at Jerusalem. Sa kanyang pagbabalik sa Assisi, nag-aalab pa rin ang kanyang puso sa kanyang naging dakilang karanasang espirituwal sa mga lugar na kaugnay ng buhay ni Hesus.

Ilang araw bago sumapit ang pagdiriwang ng Pasko noong taong 1223, binalak ni San Franciscong pamunuan ang mga taga-**Greccio** (malapit sa Assisi) upang sariwain ang Kapanganakan ng ating Panginoon di lamang sa pag-awit ng Ebanghelyo, kundi sa pagsasadula rin nito. Para rito, kinatulong niya ang isang kaibigan niyang si Juan upang ihanda ang lahat ng nasa Groto ng Betlehem nang isilang si Hesus.

Nang bisperas na ng Pasko, lahat ay nakahanda na: ang babae at ang lalaking gaganap ng papel nina Maria at Jose; ilang pastol na may ilan ding dalang tupa; isang baka at isang buriko; at isang sabsabang may latag na dayami. Ngunit wala nang iba pang laman ang sabsaban. Hindi makakita

si Juan ng isang inang magpapahiram sana ng kanyang anak! Ngunit hindi nabahala si Francisco dahil sa kulang na sanggol.

Noong nagmimisa na at inaawit ni Francisco ang Ebanghelyo, laking gulat ng mga taong may nakita silang magandang sanggol sa kanyang mga bisig. Nang matapos ang pagpapahayag ng Ebanghelyo, maingat niyang inilapag ang sanggol sa sabsaban sa kagalakan naman ng lahat ng naroroon. Di nila malilimot ang gayong tagpo.

Mula na nang taong iyon, ang pagsasadula ng tagpong iyon ng Kapanganakan ng Mesiyas ay naging karaniwan na sa maraming simbahan. Di nagtagal, mga estatuwa o larawan ng iba’t ibang tauhan sa tagpong iyon ay naging bahagi na ng paggunita sa Pasko sa mga simbahan at maging sa mga publikong lugar at mga tahanan.

Nito na lamang ika-20 siglo, lalo na sanhi ng masugid na pangangalakal na kaugnay ng Kapaskuhan, ang **Belen** ay unti-unti nang natatabunan kung hindi man nahahalinhin ng ibang palatandaan ng Pasko. Marapat lamang sana nating buhaying muli ang dakilang yamang ito.



**WORD & LIFE  
PUBLICATIONS**

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**

**Postal Address:** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

**Tel. Nos.** 894-5401; 894-5402; 892-2169 • **Telefax:** 894-5241 • **Website:** [www.wordandlife.org](http://www.wordandlife.org)

• **E-mail:** [marketing@wordandlife.org](mailto:marketing@wordandlife.org), [wordandlifepublications@gmail.com](mailto:wordandlifepublications@gmail.com) • **FB:** Word & Life Publications

• **Editorial Team:** Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molomog, D. Daguio, V. David • **Illustrations:** A. Sarmiento, B. Cleofe • **Circulation:** F. Edjan